REPUBLIKA NG PILIPINAS
LALAWIGANG SILANGANG MINDORO
BAYAN NG BULALACAO
BARANGAY NG BALATASAN

## SANGGUNIANG BARANGAY

KATITIKAN NG PULONG NG SANGGUNIANG BARANGAY NG BALATASAN, BULALACAO, SILANGANG MINDORO NA NAGANAP NOONG ABRIL 11, 1981.

MGA DUMALO:

G. Antero Farol . . . . . . . . . . Kapitan
G. Agustin Magsayo. . . . . . . . . Kagawad
G. Isaac Pajanil . . . . . . . . . Kagawad
G. Lazaro P. Bantugan . . . . . . . Kagawad
G. Guillermo Paigao . . . . . . . . Kagawad
G. Sulpicio Paigao . . . . . . . . Kagawad
Bb. Charita Pajotal . . . . . . . . KB-Chairman

MGA LIBAN:

G. Matias Pajotal . . . . . . . . . Kagawad
G. Rodolfo Gaban . . . . . . . . . Kalihim

## KAPASIYAHAN Blg. 7

KAPASIYAHAN NA NAKIKIUSAP SA "HIGHWAY DISTRICT ENGINEER", Calapan, Silangang MINDORO NA IPAGPATULOY ANG PAGGAWA NG KALSADA PATUNGONG BALATASAN, BULALACAO, SILANGANG MINDORO.

Sapagkat, ang paggawa ng kalsada patungong Balatasan, Bulalacao, Silangang Mindoro ay dapat tuloy-tuloy hanggang mismong baryo habang may laan na para;

Sapagkat, sang-ayon sa " Local Project Status Report Barangay Road Construction" na pinadala ni Mayor Dolores S. Bago sa Provincial Development Coordinator noong ika-9 ng Enero 1981 ay nakatala na mayroong ₱37,498.30 lamang pera para para sa Balatasan Barangay Road;

Sapagkat, para madali na makarating ang kalsada sa mismong Barangay ng Balatasan ay "sub-grading" lamang muna ang pagawa at ang mga mamayan ay unti unti na maglatag ng graba;

Dahil dito, sa mungkahi ni Kagawad Agustin Magsayo na kinatigan ni kagawad Isaac Pajanil, ang kapasiynhang ito ay pinagtibay;

Dahi dito pa rin, ang kapasiyahang walang bilang o numero na pinagtibay noong Hulyo 30, 1980 ay pinawalang bisa o kahulugan;

Pinagtibay pa rin na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang mga kinauukulang sangay ng pamahalaan para sa kanilang ikakabatid at tumpak na hakbang:

PINAGTIBAY NG LAHAT.

ANTERO FAROL
Kapitan

AGUSTIN MAGSAYO
Kagawad

ISSAC PAJANIL
Kagawad

LAZARO P. BANTUGAN
Kagawad

GUILLERMO PAIGAO
Kagawad

SULPICIO PAIGAO
Kagawad

CHARITA PAJOTAL
KB. Chariman